Nápahamak!! Ang kaawaawang halaman ko'y napahamak Nápahamak pati ako't ang puso kong kulang palad. Sapagka't ng matapos pati bunga at ang bangó ay kumupas. Ang halaman ay nalanta at ang dahon ay nalagas, Ako namang nadiwara't sa pag-asa'y nawakawak Sa harap ng halaman ko'y parang hibang na nangusap: "Halaman ko!! Lanta ka ma'y yaman ko ring tinatawag".

FLOR. SANTELLCO.

Pulilan, Bulakan.

Sa mga Manggagawa sa Lupa

Kung ibig ninyo ng palagiang mapagtatrabahuhan at ibig ninyong makapag-impok ng salapi ay pumaroon kayo sa káwanihan ng

The Hawaiian Sugar Planters' Association

135 Sn Nicolás.

Ang Kailangan ng mga Magsasaka

Ay isang pang-ararong matibay, na maaaring gamitin sa matagal na panahon;


Isang pang-araro na madaling ipangbungkal ng lupa:

At isang pang-ararong ikapag-aarimohonan ng panahon at salapi

Ang pang-ararong ito ay dili iba't ang may pamagat na

LUZON-LAGIO

na mahigit sa 12,000 magsasakang pilipino ang gumagamit ngayon ng pang-ararong ito.



Itong pang-ararong LUZON-LAGIO ay isang katha ng bagong panahon at kung wala pa kayo nito ay makipagkita kayo sa kinatawang lalong malapit sa inyong tahanan.

PACIFIC COMMERCIAL CO.-MANILA

CRISPINO ZAMORA

Platero at Gravador.

351 R. Hidalgo, Maynila. Tel. 3265.

Gumagawa ng magagandang korona para sa mga reina, ng mga medalla, botones, insignias, copas, na panggantung pala, pang gayak sa simbahan, mga larawan, kaliz, baston, hiyas, karatulang tanso, mga chapa, at ibp.

Mabuting yumari at mura lalo na sa kapwa pilipino.

LA TABLERIA de P. y F. JACINTO

NAGBIRILI ng lahat ng uri ng kahoy rito. GUMAGAWA ng sarisaring "muebles" na pasadya ayon sa ibiging ipagawa. YUMAYARI ng mga pang pinto, pang bintana, ibp. LAHAT ay mura at ayon sa kasunduan. TUMAWAG sa telepono 83.

954-962 Juan Luna, Tundo.

Bago Araruhin ang Lupa

Bago araruhin ang lupang pagtataniman ng mga gugulayin, ay kalahiggin muna ang lahat ng sukal na gaya ng mga damo at mga ugat ng mga pananim na nangandoon at sunugin sa isang dakong kinauukulan. Sa ganito ay maliligtas ang mga tanim sa mga kampsanang karaniwang ikinamamatay. Ang mga uod at ang iba't ibang hayop na nana-nalot ng halaman at nagtatagò sa ganyang mga sukal ay mangalilipol kung pagsunugin at maliligtas nga ang pananim.

Kailangan sa Ikasusulong ng Pagsasaka

Ang suliranin sa pagsasaka, sanghi sa kasalukuyang digma, ay nangangailangan ng lalo't higit na lingap.

May dalawang paraan sa ikaiigi ng pagsasaka at ikapag-aani ng marami. Isa sa mga ito ay ang paghirang ng mga binhi at ang isa'y ang mabuting pataba. Ang halaga ng mga pangpataba ng lupa ay napamahal ngayon na gaya ng lahat ng bagay, ngunit mahal man, ay lalo't higit na kailangan sa kasalukuyan.

Ang mga bukid na palayan at iba pa, kung tulungan ng lalong mabubuting pangpataba ay pagtataglayan ng lalong mabubuting ani, ng 209 hanggang 300 kilo ang bawat ektarea at ang kikitain sa ikadadagdag

ng ani sa ganitong paraan ay makapuung higit.

Mabuti ring ugaliin na dalawang bwan bago ihanda ang bukid ay pagtaniman ng mga halaman na gaya ng munggo, balatong o setaw. Sa ganito'y pakikinabangan ang maani sa mga halamang nabanggit at ang natira ay magiging pangpataba pa.

Ang binhing langisin at ang mga langis

Dahil sa kasalukuyang digma ay nagkaroon ng isang kalagayang katangitangi na dapat samantalain ng ating mga magsasaka, sapagka't ang gayong pagkakataon ay bihirang sumapit at halos parating minsan lamang.

Nakita nating lubhang hinahanap ang mga binhing langisin at sarisaring langis, na marahil ay di nagkagayon kailanman, at ang bagay na ito'y may maliwanag na sanhi. Ang lahat ng langis ay mayroong gliserina, isang bagay ito na lubhang kailangan sa paggawa ng mga pangputok na mataas na uri gaya ng dinamita, nitro-gliserina at iba pa, at ito ang dahil kung kayá lubhang hinahanap ang mga binhi o butong kinukunan ng langis. Bukod dito ay may mga pangyayaring dapat talastasín sa suliraning ito.

THE WILLIAMS FASHION TAILORING

SASTRERIA DE G. MASIGLAT

221 PLAZA STA. CRUZ

WMS

Se recibe toda clase de trabajos concierne al ramo de sastrería. Espero pues se sirva Vd. honrarme con su confianza utilizando mis servicios en esta sastrería por lo cual le doy anticipadas muchas gracias.

ESPECIALMENTE MODERNO

G. Masiglat.

IMPORTANTE

• ¿Es V. dueño de alguna maquinilla de escribir rota, vieja ó desperfecta?

Pues no la tire ni la venda, ni se compre otra nueva sin visitar antes el taller de reconstrucciones de maquinillas de escribir "BLACK and WHITE".

Este taller las reconstituye, transformándola en una enteramente nueva ó recientemente traída de la fábrica.

No necesita V. traerla al taller, pues servimos a nuestros favorecedores. Llame V. por telefono 4439

"BLACK AND WHITE"

679 Echague, San Miguel, Manila, I. F.

También componemos fonógrafos, cajas de registros, máquinas para sumar, y maquinillas de escribir, etc. Vendemos maquinillas de escribir baratísimas.

Gregorio Yu-Chuco y Herederos

ALMACEN DE TEJIDOS
Y MATERIALES PARA ZAPATERIA
Y CHINELERIA.

Calle San Vicente Nos. 219 y 221. TEL. 1401

MANILA & ILOILO.

Ang India, na tanging nag-aani ng maraming binhi ng Langis ng Kastor, ay lubos na walâ ngayon sa pamilyan, unauna'y dahil sa mga kalagayang pulstikong likhá ng digmaan, at ikalawa'y dahil sa mga paghihigpit na ginagawá sa pagluluwas ng tanang binhing langisin na dinadala sa mga ayado ó magkakatulong sa digmâ; at sapagka't ang Estados Unidos ay naging isa ngayón sa mga mamimili ng mga binhing itó, ang pagkabigó sa pag-aani ó pagtutugpa, ó kaya'y ang dalawang bagay na itó, ay siyang nagpapagipit sa maraming malalaking pagawaan sa bayang amerikano na lubos na gumagawá ng Langis ng Kastor. At ito ang dahil nanán kung kayá sukat makinabang ang magsasakang pilipino. Ang mga lupa ó dalatang hindi pinakikinabangan ó mga hindi masaka dahil sa kawalan ng bisig ó puhunan, ay maaaring araruhing minsan, at hasikan ng mga binhi ng langis ng kastor na lubhang matatagal at di nangangailangan ng alagâ; ang mga binhing ito'y hindi kinakain ng mga "gorgojo" at walang nakikilalang sakit sa halamang itó at ang kailangan lamang ay tingnan kung kailan malapit nang pumatók ó sumambulát ang bunga, sapagka't kusang pumuputók kung hinóg na, at ito'y pagkakasiraan ng malaki, sapagka't ang mga binhi ay sumasabog sa lahat ng dako.

Kung ang halaman ay lubhang matigás ay lumalagó dahil sa mga dalatang matigás, hindi nangangailangan ng patabá, at mapakinabangan ng malaki buhat sa pasimulá. Kung tatandaan yaong mga halamang nag-aani ng lalong maraming binhing magaling na uri at iniingatán ó inipon ang mga binhi para sa sumusunod na pagtatanin, at hihirangin ang mga mabubuting binhi, ay sa ilang panahon lamang ang Kapuluang ito ay aani ng mga binhing magaling na uri at gayon ang dami, na anop't makatugón sa pangangailangan ng Estados Unidos. Sa ganitong paraan ay makapagtatamo tayo ng malalaking kapakinabangan sa ganitong kalagayang magusot na hatid ng digmâ.

At hindi lamang ito. Gayon din ang masasabi sa lahat ng binhing langisin sa Kapuluang ito, na sa mga ito ang kalibkib ang halos siyang tanging nangangailangan ng alagâ. Ang Maní ay mapagaanihan dito ng sagandâ. at ang Maní ay isang halamang tumutulong sa ikagagalng ng lupa. Ang Lumbang ay isa pa ring halaman, na kilalâ ring kapara ng Biyaw, at ang uri ng halamang itong lalong lumalagó ay ang *Aleurites triloba*. May isa pang uri ng tinatawag na *Aleurites trisperma*; ito'y pinag-aanihan ng langis na lalong mahalagâ, ng lalong magaling na kahalili ng linasa para sa mga "pintura" at barnis na ginagamit sa sangsinukob. Kung ang halamang itó ay pinagsikapang pag-aanihan sa lugal niyaong isa na ang langis ay magagamit lamang sa paggawá ng salón at sa pagbababad ng kayo, ay lalò na dising mayaman ngayon ang Kapuluang ito.

Ang Kalumpang. *Sterculia foetida*, ay isang malaking punongkahoy na hindi pinag-ukulan ng kalingâ ninoman; sa Kapampangan at sa mga ibang dako ng Lusón ang kahoy na ito'y lumalagong parang kahoy gubat. Bakit hindi itanim at alagaang mabuti ang kahoy na ito? Ang Kalumpang ay isang magandang punongkahoy, na ang kaniyang

"GERMINAL"

Samahang ganáp na pilipino sa paggawa ng tabako't sigarilyo.

PAGBABA NG TULAY NI AYALA, MAYNILA, K. P.

Bantog sa inam at sarap ng kanyang mga yari;

Bantog sa pagdamay sa mga sakunâ ng Bayan; at

Bantog sa pangunguna sa maraming tanghalan.

Tikman ninyo ang mga may sagisag na:

Germinal, Katagalugan, Kapisanan at Floreal.

Mga Kinatawan sa Kapuluñgang Bayan

Capiz



Antonio Belo
Unang Pook

Cebu



José Hernaes
Unang Pook

SPEAKER



SERGIO OSMEÑA

Cebu



Vicente Urgello
Ikalawang Pook

Cebu



Alejandro Ruiz
Ikapat na Pook

Cebu



Tomás Alonso
Ikapitong Pook

Cebu



Jesus Cuenco
Ikalimang Pook

Cebu



Miguel Raffinan
Ikanim na Pook

Ilocos Norte



Melchor Flor
Ikalawang Pook

Ilocos Sur



Alberto Reyes
Unang Pook

Ilocos Sur



Ponciano Morales
Ikalawang Pook

Iloilo



Crescenciano Lozano
Ikalawang Pook

Rizal



Arcadio Santos
Ikalawang Pook

Samar



Pastor Salazar
Ikalawang Pook

Samar



José Lugay
Ikatlong Pook

Sorsogon



Amancio Aguilar
Ikalawang Pook

Surigao



Eusebio Tionko

Tarlac



Luis Morales
Unang Pook

Tarlac



Cayetano Rivera
Ikalawang Pook

Tayabas



Alfonso M. Recto
Unang Pook

kahoy ay magagamit sa mga gawain ng pag-aan-lwagi at sa mga ibang maraming bagay, at gayon din sa paggawá ng papel; ang mga binhi na mayroong 55-60% ng langis ay lubhang sa-ganá. Ang kahoy na ito ay hindi nanga-nguitangan ng maraming alagá, at madaling lumagó sa alin mang pook ng Kapuluan. Ang kaniyang langis ay isa sa lalong ma-gagaling na kahalili ng "aceite de oliva", at ang kaniyang langis sa pagkapigá kung malamig ay kahalintulad ng lalong magaling na (aceite de oliva) na nanggagaling sa Eu-ropa.

Kailaingan ang Matibay.

Kung bibili rin lamang ay bumili na ng matibay. Ang bumibili ng matibay ay nakalalamang sa bumibili ng mura. Ang isang chinelas ó cocho halimbawá na binili ng piso ay nasisirá sa dalawa ó tatlong bwan dahil sa marupok ngunit ang binili ng dalawang piso ay ginagamit ng isang taón ó dalawang taón, dahil sa matibay: anapa't kung bumili ng matibay na halagang dalawang piso ay tumatagal ng isa ó dalawang taón at kung bumili ng marupok na pipisubin ay kailaingan bumili ng tatlo ó anim upang tumagal din ng isa ó dalawang taón, na katumbas ng tatlo ó anim na piso, na lalong pinagugugulan ng higit. Kaya't kung bibili rin lamang ay bumili na ng matibay at ang matitibay na chinelas, kocho, sa-parilya, ibp. ay matutuklasan sa "ANG TIBAY" 630 Azcarraga, na sinelasan nina G. G. Teodoro at Katindig.

Ang ating mga bugtong

1. Haguho ng haguho nasanga'y walang talbos. kat. (Kalsada)
2. Pantas ka ma't marunong nag-aral ka man sa pasyon aling hamak na kahoy ang nakatangtong sa ibon. kat. (Pulpito)
3. Tuyong tuyó ang bubungang uátulò ang balisbisan. kat. (Sinang)
4. Haguho ng haguho bunga hanggang talbos. kat. (Bunga)

Dr. Vicente A. Diaz

DENTISTA

24 Escolta. Sa itaas.

Teléfono 4969.

Gumagamit ng mga kasangkapang ayon sa bagong panahon.

SOMBRERERIA

NI

V. LIWANAG

Blauodok, Juan Luna 351

Puhunang tagalog at yari rito

Tangì sa pagpapaputi at pag-ayos ng kahi't anong anyong ibigin.

Nagbibili ng mga barong lalake, kwelyo, panyó, korbata, ibp.

5. Tigilan ma't taginit hanggang tuhod ang liis. kat. (Manok)
6. Lima't kauntik. kat. (Linatik)
7. Naito na ang kinakaón walá pa ang ni-kaón. kat. (Halabas)
8. Isang lupang patag, may batang naglala-kad tumatakbo't umiyyak ang luha'y nalalaglag. kat. (Tinta, pluma at papel)
9. Ako'y naghagis ng itak sa gitnang gitná ng gubat, pitóng katao ang humanap, iisa ang nagkapalad. kat. (Ligawan)

CLARO G. TICSON

Aklat na Patnubay

Ang "DIRECTORIO FILIPINO DE CORNEJO" ay kasalukuyang tinatapos sa limbag. Ang aklat na ito ay naglalaman ng tootong maraming mahalagang bagay, gaya ng kasaysayan at heograpiya ng Pilipinas sa isang maikling pananalaysay, ang talaan ng mga lansangan, pook, bayan at lalawigan nitong Pilipinas sangpu ng mga namiminund sa mga ito, at gayon din ang maraming bagay na dapat malaman ng madla-hinggil sa pagsasaka, pangangalakal at iba't ibang pagkabuhay, saká ang ayos at kapakanan ng mga kagawaran at kawanihan ng ating Pamahalaan. Ito'y ipagbibili sa halagang limang piso lamang. Sumulat kayo agad kay G. CORNEJO at ng hwag kayóng maubusan.

Dr. CARLOS ORTIZ

OPTOMETRA

MANGLILITIS NG MATA.

24 Escolta,

Ang mga kasangkapan ay ayon sa bagong panahon.

TEL. 939.



Lahat ay Sigarilyong Virginia

Piedmont
Ang Sigarilyong malnam

Kneeder Bldg. **LIGGETT & MYERS TOBACCO Co.** Manila.

**KUPONG MAHALAGA SA
BAWA'T PAKETE**

Ang kaarawang tak-
da sa mga kupon ay
pinalawig hanggang sa
ika 30 ng Hunyo ng
1918.

Ang Sanglibo't Isang Gabi

Tinagalog ni Sofronio G. Calderón.

(karugtong)

Humandà ngâ si Schesnarda sa pagharap sa Sultan, at bago niya nilisan ang kanilang bahay ay ibinulong niya kay Disnarda, na:

—“Giliw kong kapatid, kailangang tulongan mo ako sa isang panukalang totoong mahalaga.” Ako'y magiging asawa ng Sultan hwag mong ikagitla at pakinggan mo akong mahinahon. Pagdating ko sa palasyo ay ipamamanhik ko kay Schariar na mangyaring ikaw ay pahigain sa higuan ng kanyang asawa ng maging pahimakas ko man lamang sa iyo. Ako'y may pag-asang hindi ako pahihindian, at kung magkagayon, ay hwag kang makalingat na di mo ako gisingin ng isang oras bago magbukang liwayway at sakâ mo sabihin sa aking: “Kapatid ko, kung di ka natutulog, ay mangyaring pag-salaysayan mo ako hanggang sa magumaga ng isa ryan sa maiinam na salaysayin na nalalaman mo. Pagkukwentuhan ngâ kita ng isa, at sa paraang ito na napakadali ay maililigtas ko marahil ang bayan sa sakunang sinasapit. Nangakô ng boong lugod si Disnarda na kanyang susundin ang hiling ng kapatid.

Inihatid ng dakilang Bisir si Schesnarda sa

palasyo at umuwi pagkatapos na maipasok sa silid ng Sultan. Noon ngâ'y iniutos ng Sultan na siya'y mag-alis ng takip sa mukha na kanya namang ginawâ at siyang pagkukita na si Schesnarda ay luhaluhaan.

—“Bakit ka umiiyak?”—ang tanong sa kanyang magiging asawa.

—“Panignoon,” ang sagot nito, “mayroon pu akong isang kapatid na totoo kong minamahal: ibig ku pò sanang makasiping ngayong gabí na maging bilang pinakapaalam ku pò sa kanya. Sa akalâ ko ay hindi mu pò ipagkalkait sa akin yaring hulng kaaliwan.”

Pinayagan ni Schariar, at ipinasok si Disnarda sa isang silid na kalapit ng higuan ng asawa ng Sultan.

Isang oras bago magbukang liwayway ay nakiusap si Disnarda sa kanyang kapatid ng ayon sa pinagkayarian. Si Schesnarda ay hindi agad sumagot, kungdi nagbigay alam muna sa Sultan upang pasimulan ang kwento. Pinayagan nito at kanyang pinasimulan ng gayari:

**ANG MANGANGALAKAL AT ANG
GENIO.**

Genoo, noong unang dako'y nagkaroon ng isang mangangalakal na may malalaking kayamananang lupa, kalakal at gintô. Sa bagay na ito'y may mga kawani rin naman siya at mga alipin. Sapagka't may tungkuling maminsan-minsa'y maglakbay siya upang makipagkita sa

kanyang mga katanggapan, ay nangabayo isang araw na ang baon ay isang sisidlang nilamnan ng ilang tinapay at mga ratiles upang kanyang maipagpatid gutom sa ilang na kanyang tatahakin. Pagkatapos ng kanyang pinagsadyang lakad ay bumalik na pauwi.

Sa ikapat na araw ng kanyang paglalakid ay nakaramdam ng masigabong init na isinasabog ng araw sa lupa, kaya't lumihisuhis ng lakad at humanap ng lilim sa mga punong kahoy na mula sa malayo'y natatanaw niya. Sa paanin ng isang malaking pund ng nogal (1) ay nakasumpong siya ng isang bukal ng napakalinaw na tubig, at paglukso niya sa lupa ay itinali ang kabayo. Naupo sa tabi ng bukal saká kinuha sa sisidlang dalá ang kanyang kaunting baon. Sa pagkain ng mga ratiles ay isaisang inihahagis ang mga buto sa magkabikabilang tabi, at ng matapos ang katamtamang pag-aagahan, ay naghugas ng mga kamay at paa, palibhasa't isang mabuting musulman (2) at nagdasal ng kanyang karaniwang panalangin.

Nakaluhod na siya'y sa litaw ang isang napakataas na Genio na ang ulo'y natatakpan ng uban ng katandaan, at sa paglapit, na may isang tabak na hawak sa kamay ay nagsalitang kakilakilabot ang boses. "Tumindig ka, sapagka't ikaw ay papatayin ko na gaya ng pagpatay na kagagawá mo lamang sa aking anak" Gitlanggitla ang manganlalakal sa anyong kasiudaksindak ng napakita sa kanyang Genio at sa mga salitang kagulatgulat nito'y sumagot siyang: "Oh butihin kong panginoon, zanong nagawá kong sala upang pag-ukulan ng ganyang kasawiang palad? Hindi ko kilala ni nakikilala man lamang ang inyo pong anak." "At ano, hindi mo ba ipinaghagis ang mga buto ng mga ratiles?"

— "Totoo pó, hindi ko maikakailá."

— "Sa gayon, ang sabad ng Genio", ng nagdaraan ang aking anak sa iyong tabi ay tinamaan ng isang buto sa matá at noon din ay namatay. Hindi ngá kita mapatatawad at kikitlan kita ng buhay."

— "Kaawaan mu pó ako, ginoo," ang samo ng manganlalakal, "kung nápatay ku man ang

1) Punong kahoy na may tatlong pung paa ang taas at ang kahoy na ito'y ginagawang kasangkapang pang-palamuti.

2) Kampon ni Mahoma.

Vicente Sotto

ABOGADO

Tel. 516.

87 Gral. Luna

MANILA.

iyong anak, ay hindi ko sinasadya, at ako'y karapatdapat patawarin."

Hindi sumagot ang Genio, kundí hinawakan ang manganlalakal at inilugmok, at saká iniambá ang hawak na tabak upang pugutan ng ulo na walang pakupakundangon sa papatayin niyang naninimdim sa asawa't mga anak. "Magdumali ka sa iyong mga dapat gawin," anang Genio, sapagka't pinasyahan kong patawarin ka." Ng bigkasin ang ganitong pananalita...

Pagsapit ni Schesnarda sa pananalaysay na ito, ay nagunitá niyang araw na pala, at sapagka't natatalos niyang ang sultan ay magdaraos noon ng pulong ay tumahimik. . . "iKay katakatakang kasaysayan," ang bigkas ni Disnarda. Ang natitira'y lalo pang mainam, anang kanyang kapatid, at másisiyahang loob ka kung papayagan ako ng sultan ng mabuhay pa ngayon upang ipagpatuloy mamayang gabí ang salaysay na ito. Si Schaviar na puspos ng pananabik ay pumayang sa gayong kahilingan, tumindig at yumaong nangulo sa pulong.

Samantalang ang dakilang Bisir (3) na sikdosikdo ang kalooban ay hindi makatulog dahil sa paggunitá ng kapanglawpanglaw na kapalarang sasapitin ng kanyang anak. Ang panggilalas niya'y hindi matapostapos ng pagpasok niya sa kapulungan ay hindi parinig sa bibig ng sultan ang kasindaksindak na hatol.

Ng kinabukasan at sa pinag usapang oras ay inabá ni Disnarda ang kanyang kapatid tungkol sa pananalaysay nito ng sinundang araw at may pananabik na dinugtungan ng sultan." Opó, tapusin mu pó ang salaysay sapagka't nais kong matahó ang nangyari. Si Schesnarda ay nagpatuloy ng ganito:

Ginoo.—Ng mukita ng manganlalakal na siya'y talagang pupugutan ng ulo ng Genio ay humiyaw ng kakilakilabot at nagsabing.—"Pa-

3) Pangulong kasangguni ng Sultan.

M. Salvador

San Vicente 444 en los bajos de la oficina de Andrews.
TEL. 3253.

Se Reciben toda clase de Trabajos de Pintura como Caratulas de Cristal y Bronce. Decoración de Edificios, Retratos, Letras de Madera y Azogue de Cristal, etc.

PRECIOS RAZONABLES.

Ngayo'y panahon ng "Sakit ng Ngipin"

Kung hahanap kayo ng DENTISTA ay tunguhin ninyo si

Dr. A. Vergel de Dios

447 EVANGELISTA.

Walang sakit na gumamot ó bumunot.

LIBRERIA Y PAPELERIA

DE

P. S. Viuda de Soriano.

Rosario 225 y Plaza del Conde No. 1008, Binondo.

Nagbibili ng mga aklat sa tagalog, kastila at inglés; ng mga kuaderno, pluma, lapis, tinta, papel at ibp.

Boong gilw na tinatanggap ang lahat.

rang awa mu na po, tumigil sangdali at pa-kinggan lamang ang isa kong samò. Pagkaloo-ban mu po ako ng isang palugid na makapag-paalam lamang sa aking asawa't mga anak, makagawa ng pahimakas na bilin at maiyos ang aking mga gawa, at isinusumpá ko sa Dyos ng langit at lupa na ako'y babalik sa ganap na taning upang tumalaga sa iyo pong kalooban.

"At gaanong panahon ang iyong kailangan? - ang tanong ng Genio.

Hinihiling ku pu'y isang taon, na pagka-raan nito'y matatagpuan mu po ako sa punong kahoy ring ito na laang alisin ng buhay."

"Sinasaksi mu ba ang Dyos sa iyong pangakò?"

"Opo," anang mangangalakal "at mapanalanigan mu po ang aking panunumpa".

Pagkarinig ng Genio ng mga salitang ito ay nawala't sukat at ang mangangalakal na payapa naman ang loob kaysa dati ay sumakay sa kanyang kabayo at nagpatuloy ng paglalakbay. Siya'y tinanggap ng buong kagalakan ng kanyang asawa't mga anak, ngunit ang sawing palad na ama'y nagpanangis kaagad ng magunita niya ang mapanganib niyang pagkapanumpa, at upang mapaliwanag ang sanhi ng kanyang sukal ng loob ay isinaysay ang buong nangyari sa paglalakbay niya.

Ang asawa't anak ng Mangangalakal ay pawang nangapahiyaw ng kahambalhambal at ang buong sangbahayin ay nag-anyong kalagimlagim.

Ang Mangangalakal ay nagbayad ng mga utang, namigay sa kanyang mga kaibigan at naglimos sa mga mahirap, pinalaya ang kanyang mga aliping lalaki't babae, binahagi sa mga anak ang kanyang mga kayamanan, isinau-

ling may dagdag pa ang bigay kaya ng kabyak ng kanyang dibdib, hanggang nakaraan ang taong kailangan na siyang yumaon. Hindi maiulat ang kalungkotlungkot na pangyayari ng magpaalam ang mangangalakal sa kaniyang asawa't mga anak, na ibig mangakasama sila sa kamatayan at hwag mahiwalay kahit sangdali sa kanyang siping. Pagkatapos ng matagal na pagdidilidili at ng walang kasapitang mga pangaliw ay nagpumiglas sa mahibigpit na yapos ng mairog na asawa't mga anak, yumaong napatungo sa pinagkasunduang dako na tabi ng bukal, at doo'y hinintay ang Genio na taglay ang pamamanglaw na karakara'y nahahalata't katutubo sa isang taong papanaw ang buhay.

Samantalang na sa gayong mapauglaw na pagaantabay, ay may napakitang isang matandang lalaki na may dalang isang usang babae, sila'y nagbatian at tumanong ang matanda. "Kapatid ko, ano't naparito sa dakong mapanganib at ilang na pinananahanan lamang ng masasamang espiritu?"

Ng magkagayo'y isinaysay ng Mangangalakal ang boong nangyari sa kanya, at nawika ng matanda: "Ito'y isang pangyayaring kakaiba, kakilakilabot dahil sa ikaw po'y napatali sa isang panunumpang hindi malalabag. Ibig kung mapanood ang pakikipagkita mu po sa Genio.

Pagkasabi nito'y siyang pagdating ng isa pang matandang lalaking may kasunod na dalawang asong itim, na tumanong sa dalawa kung ano ang kanilang ginagawa sa dakong yaon, ang matandang may usa ay nagbigay loob at nagpasiya ang kararating na tumigil din doon upang manood ng mangyayari. Noon din ay sasisipot ang isa pang matandang lalaki na tumanong ding gaya ng dalawa, at ng matalastas ang bagay ay nakiupo sa mga dinatnan sa tangkang mapanood ang wakas ng malungkot na pangyayaring sasapit.

Pagdaka'y natanaw nila sa malayo ang isang makapal na ulap, na kahalintulad ng ipoipong alikabok na pinajikit ng hangin, ulap na pagkalapit sa kanila'y naparam at lumitaw ang napakalaking anyo ng Genio. Hawak nito ang tabak sa kamay na lumapit sa abang Mangangalakal, at kanyang pinagsabihan na hinawakan sa isang bisig: "Tumindig ka na papa-

KATUBUSAN PAGAWAAN NG TABAKO'T SIGARILYO

Daang Clavel 501, Binundok,

TEL. 8524

Ang pagawaang ito ay puhunan ng mga manggagawa at sa mga pilipino na itinayo sa ikagaling nila at ng bayan: kaya't kailangang lingapin natin yamang ang mga yari rito ay isa sa mga pinakamainam, maging sa matabang at maging sa matapang na lasa ng tabako't sigarilyo.

Siya nga nating hititin.

tayin kitang gaya ng pagpatay mo sa aking anak?"

Sa pagkakagitla ng Mángangalakal at ng tatlong matanda ay nangapahiyaw ng pag-iyak.

Si Scheenarda ay nagtigil ng makitang nagliliwanag na ang araw, nguni't ipinasiya ng Sultan na ipagpaliban ang hatol na kamatayan sa babaing ito upang matalos ang katapusan ng salaysay.

Ang Bisir ay nagalak ng di masayod at gayon ding ang kanyang mga kasambahay, ang kalipunan naman ng mga kagawad sa Kapuluangan at lahat na'y humanga dahil hanggang sa sangdaling yao'y buhay pa ang asawa ng Sultan.

Ng kinagabihan ay ipinagpatuloy na muli ni Scheenarda ang kanyang salaysay ng ganitong paraan.

— "Ginoo, palibhasa't naniwala ang matandang may usa na walang pagsalang mamamatay noon ang Mángangalakal, ay naglumuhod sa paanan ng Genio at nagsabing: "Pangulo ng mga Genio, ipinamamahik ku po ng boong pagpapakumbaba sa inyo na ako'y pakinggan bago ibugso ang bagsik ng iyo pung poot. Isasalaysay ku sa inyo ang aking kabuhayan at nitong usang iyo pong nakikita ngayon. Kung mapaniwalaan mu po ba na ang kabuhayan ko'y kagilagilalas at katakataka kaysa nangyari sa Mángangalakal na ito na ibig mu pong alisin ng buhay ipatatawad mu po kayá sa sawing palad na ito ang kanvang nagawang sala?"

Sangdaling nagmunimuni ang Genio at pagkatapos ay nagsabing "Oo, pinapayagan ko."

(Ipagpatuloy)

ANAK-PAWIS: BASAHI MO ITO!

IKAW BAGA AY MANGLILIMBAG?

Umanib ka sa "UNION DE IMPRESORES; Sapagka't ito'y itinatag upang ang iyong pagkawangagawa ay matangkilik.

Sa iyong kinikita umaasa ang iyong anak at tangkilik. Ilagay mo sa katamtaman ang iyong kita o sahod at makikita mong mabubuhay

naman ng katamtaman ang iyong anak o tangkilik.

Ang bagay na ito ay hindi mo maisasagawa. sapagka't hindi kaya ng iyong sariling kapangyarihan at lakas; ang Kapisanang Manggagawa lamang ang mangagagawa nito, at para sa iyo, kung ikaw ay manglilimbag, ay ang UNION DE IMPRESORES. Hindi lamang ikaw ang sa kanya ay nagtataguyod sa Kapisanan, kundi ang lahat ng iyong mga kasama ng dahil sa iyong kapakanan, gaya ng iyong karapatang mabuhay sa iyong paggawa at ang katungkulang tumangkilik at magbigay-buhay sa iyong anak (familia). Sa pamamagitan ng matibay na pagkakaisa at mabisang pagtatangkikan ng magkakaanib ay makikilala ng sa iyo ay nagpapagawa ang iyong mga karapatan at matwid sa paghingi ng tumbas na kapagalan sa pagpapaupá ng iyong lakas at pag-iisip.

ANO ANG DAHILAN AT

MABABA ANG IYONG SAHOD?

Ng sahod na tantong alangin sa iyong kasanayan sa gawain, alangin sa hinihingi ng mataas na gugol sa kabuhayan, alangin sa kama-balan ng iyong kinakain at dinadamit?

Ikaw ay katulad din ng ibang may iniingatang pakikipagkapwa-tao, may sarili ring pananagot sa iyong kapamayanán, may bayan ding inaalaala, may pamamahay na inaaruga, may asawa, mga anak at magulang na tinatangkilik, pinakakain, pinatuturuan at inihahanap ng ligaya; datapwa't ano ang dahilan at mababa ang iyong sahod kaysa iba, sa marumi mong kahanap-buhay? Sapagka't ikaw ay hindi kaanib sa Kapisanang Manggagawa gaya ng UNION DE IMPRESORES na dapat mong kaaniban. Ang UNION DE IMPRESORES ay binubuhay at itinataguyod ng mga manggagawa sa palimbagan upang sa pamamagitan niya ay matamo ang tumbas na kaupahan, alalaong bago'y ng kaupahang sapat sa lahat ng iyong pangangailangan sa buhay, gaya ng pagsunod sa iniaatas ng kalinisan o (higiene), ng pagkain ng masaganá at malinis, ng maayos at malinis na pananamit, ng maaliwalas at malinis na táhanang nababagay sa iyo; ang pagpaturd sa iyong mga anak, ang pagtupad sa iyong pakikipagkapwatao at pakikipamayan, at ang balanang kailangan ng mga bihasa at malalayang tao.

BIBLIA BIBLIA

SA LAHAT NG WIKA

SA

BRITISH & FOREIGN BIBLE SOCIETY

636 Isaac Peral, Ermita.

SOMBRERERIA y SASTRERIA

DE
P. AUSTRIA.

Carriedo 247.
Tel. 4482.

M. H. del Pilar, 409. Ermita.
Tel. 3503.

Nagbibili ng sarisaring mga bagay para sa mga lalake, gaya ng sapatos, medyas, corbata, panyó, lalong lalò na ng mga sombrero rito sa Pilipinas.

ANO ANG DAHILAN AT INILUWAL KA SA MALIWANAG?

Dapat mong tantuing ikaw ay iniluwal sa maliwanag, hindi upang gumawá lamang, kumain at matulog. Ikaw ay iniluwal sapagka't ng ikaw ay mabuhay. Ang buhay ng tao ay humihingi ng pakikipagkapwá-*tao*, ng karunungan at pananagot, ng ligaya at kapanatagan, at ng karapatan at kalayaan sa pakikipamuhay at sa mga katungkulan noon.

Kung ikaw ay walang Kapisanang kinaáaniban, ay ipalalagay na walá kang pakikipagkapwá-*tao*; hindi mo magagampanan ang pananagutang hinihingi sa pamumuhay mo ng malayá at marangál; hindi makasusunod sa mga katungkulan ibinababaw sa iyo ng tumpak na kautusang salig sa iyong pagkakuwal sa sangmaliwanag.

IKAW BAGA'Y SAPAT NANG MAKATANGKILIK SA IYONG SARILI?

May mga paugyayari sa buhay ng tao na di maaring kayahin samantalang siya'y nag-iisá; may oras na, kahi't hindi hinihintay ay dumarating ang sakuná; may mga pagkagipit na di magagamot ng sarili lamang. Sa paraang ito kaya itinatag ang Kapisanang Manggagawá, at kaya nagkakatangkilikan ang magkakaanib. Iniilag sa pagkasesante, binibigyan ng gawin ang walang pinapasukan; dinadamayan ang mga nangangailangan ng pagdamay; sinasaklolohan ang mga humihingi ng saklolo; inaabuluyan ang mga may sakit na kaanib at gayon din naman ang mga naulila ng bawá't kaanib.

Sa isang katagá, ang UNION DE IMPRESORES DE FILIPINAS, gaya rin ng taang Kapisanang Manggagawá ng Magkakahap buhay, ay itinatag at mapagsumat, hindi sa kapakanán ng kanyang mga kaanib at sa ikapapanatag at ikagiginhawá ng asawa, mga anak, magulang at tangkilik ng kaanib

IKAW BAGA'Y DEMOKRATA O NASYONALISTA?

Hwag mong isaisip ang tuntuning "*partidista*". Ang UNION DE IMPRESORES ay labás sa alin mang lápiang poltiko; walang mga poltiko na makapanghihimasok sa kapakanán niya. Siya'y binubú ng mga tunay namangagawá lamang at walá nang iba.

Kaya't kung ikaw ay naniniwalá sa tun-

tuning: "Sa kapakanán ng iyong anak ay anak mo rin ang nanghihimasok at nagpapa-siya" ay bukás ang pintó ng UNION DE IMPRESORES sa iyong pag-anib; datapwa't kung ang paniwalá mo nama'y nasasalig sa: "Ang kapakanán ng iyong seriling anak ay dapat panghimasukan at pagsamantalahan ng iba na di mo kaanoano" ay masasabi ng UNION DE IMPRESORES na pintó ang kanyang pintó sa iyo: walá kang daang makaratig sa sinapupunan niya.

UNION DE IMPRESORES DE FILIPINAS

546 El Dorado, Kyapo, Maynila

Ang mga Hiwaga ng Inkisisyon sa Espanya

Sinulat ni M. V. de Ferreal.

Salin ni S. G. Calderón

(karugtong)

XI.

ISANG DAMDAMIN NG INKISIDOR

Sa dalawang bwan pagkalayá ni Dolores sa mga pag-uusig ni Pedro Arbues ay namuhay siyang payapá sa bahay-ampunan pinaglagyan sa kanya ng apostol, na siyang sa kanya'y kumakalingá. Dalawang bwar na rin namang naghihirap ng libim ang abang si Manuel Argoso sa mga bilangguan ng inkisisyon, doon sa malalawak na libingang warl di na maaaring labasan ng sinomang maybuhay.

Gayon mang hinanap na maigi at pinagsikapang ng gayon na lamang ni Enriquez, na noo'y gobernador sa Sebilya, ay di rin natagpuan ng inkisidor ang kinararoonan ni Dolores Argoso, palibhasa't nag-ibá ng pangalan sa "abdya ng mga Karmelita". Ang mahalay na damdamin ng inkisidor ay nagpuyos, at sa di pangyayaring masiyahan, ay sumamá ang loob ng di kawasá at napoot harggang sa nagtaglay sa kanyang tampalasang kalooban ng panghihiganti doon sa mga sawing palad na nangahulog sa kanyang balakyot na kapangyarihan upang mangáhatulan.

Sa pagkakabuyó sa mga udyok ni José ó

BAHAY SANGLAAN

— NF —

ZAARIAS DE GUZMAN

Daang Villalobos 144, Kyapo.

Tel. 3595.

Mabuting maghalagá sa mga hiyas, na gaya ng mga brilyante, perlas, gintó at iba pang mga bagay na may halagá. Mataas ang turing sa mga pagtasa, magaan ang patubó.

THE AMERICAN BIBLE SOCIETY

503 AVENIDA RIZAL.

Nagbibili ng mga Biblia sa iba't ibang wika.
Inyong pagsadyain at pagkalooban kayo ng
ayon sa halagang taglay ninyo.

mahanġa'y sa simbuyó ng nápakasamang kilos ng mabanġis niyang likas ng dahil sa baguhang ito na warí siyang umakay sa kanya sa mġa katampalasanan, ay ibinugsó ni Pedro Arbues sa kanyang ulo ang mġa sumpá ng Espanya; ni ang mġa pahirap, ni ang kalagimlagim na mġa kalagayan ng bilanguan ay dí nakapigil ng kanyang hanġarin na lubhang malayó sa kanyang pagkatao, ng mġa hanġaring mapusok at mahalay na sukat sa málala ang magandang andalusa ay nagaalmpuyó sa kalooban ng kahalayhalay na si Arbues.

Sa pagbubugsó kay G. Manuel Argoso ng kanyang boong galit at poot, ay walang ibang adhiġá ang inkisidor liban sa takutin ang abang si Dolores upang sa pangġilabot ay pumayag sa kanya; siya'y kumilos ng kilos ng taong matalino, ng kilos ng taong nakatatarok ng kalooban ng mġa babae. Kung siya'y dakipin, isilid sa mġa bflangguan ng inkisision, pahirapan hanggang sa mamatay anong mahihitá sa lahat ng ito?—mangyayaring ang lahat na ito' matiis ng bayaning dalaga hanggang sa mamatay, sapagka't may pag-ibig kay . . . Datapwat kung pig-usigin ang kanyang ama, isakamay ng mġa berdugo ng inkisision upang kutayin at pahirapan ng hanggang sa katapustapusang pahirap ng hukumang yaon, ay isa nġang salabid na dí kaya at sukat makapangġilabot sa sawing palad na kay Dolores. Kung makita ngá na isinasakamay ng mġa berdugo ng kakilalabot na hukuman ang kanyang matanda't maranġal na amá, itong amang nagmamahal sa kanya ng boong paggiliw, na dahil sa kanyang mġa kalingá ay dí niya lubhang ipinaghirap ang pagkawalá ng isang iná, ay dí ngá makapipigil itong sawing dalaga na dí pumayag sa mahalay na pasiya ng bunying si Pedro Arbues; at siyang dahilan ng ipinagdaramdam ng balakyot na ito na kung bakit dí mátuklasan ang kinaroroonan niya, dangang talastas niya na walang salang titiisin ang lahat máligtas lamang ang kanyang amá.

Walá nġang mangyari sa paghahanáp ng nangagkukunwang mġa kawal ni Kristo; walá nġang mangyari sa nakapangġilabot na pagkakapatirang pinamumuruan ng masigla't tulong si "Mandamiento" kahi na't pangakuan ng nakasisilaw na salapi at kalingá; para bagang kinakalingá ng kapangyarihan ng Dyos ang dalaga na inampon ng taong nápakabanal;

ENGRAICIO DE ASIS

Nagpapasanglá ng alahas, at ibp. Murang magpatubò, mahal humalaga. Bukás kahi't araw ng pista.

Daang Azcarraga Blg. 1338, Kanto ng Benavides, Irozo.
TEL. 3396. Maynila.

ó kaipala'y dí pa pinasisiyahan ng langit ang siya'y madakip.

Ang pagkadakip na ito ay warí dí lubhang málalaon at mangyayari.

Si Arbues ngá ay guló ang isip dahil sa dí pagkatagpó ng kinaroroonan ni Dolores, at sa kanyang kalooban ay bahagvá nang sumasagila ang mġa bisyong taglay na gaya ng paglalangó at ng balakyot na pagpapahirap doon sa mġa sawing palad na mġa babae ngagsisipayag sa kanya upang hwag inaghatá ng mġa pahirap ng inkisision.

Si Dolores na lamang ang tanġing tinataglay niya sa alaala.

Lubos niyang itinalagá ang kanyang katahimikan dito sa larawang kahalihalina; hindi sapagka't ang kanyang abang kalooban ay mangyayaring humandusay sa isang tunay na pagsintá, kungdí sa ibinubunġa nitong mahiwagang katalagahan na kung minsá'y nag-ibig na pagbatahin ang lalong kasamasamaan sa kapangyarihan ng isang maganda't dalisay at dí man lamang mawawaan ang talagá ng Dyos ni dí makapailanglang sa kanyang taas ng dahil sa pagsisising nagpapabagong anyó sa tao, ay tuloy nagkukusa at maligayang napahihinuhod sa sinisinta.

Sa kasamaang palad, dito sa ganitong uri ng daindamin ay napasasaklaw ang isip sa mġa dinaramdam, na kung masiyahan ang mġa ito, ay napaparam ang ningus ng pagsinta na nakapagpapalambot ng matigás na bató, at tanġing nilalabi ang kahayupan at kabanġisan, doon sa ilang sangdali'y inakalang tao.

Sa pagkalugmok sa dí masayod na simbuyó ng matinding pagsinta at sa pagbabalisá ng inkisidor sa Sebilya ay humanap sa lilim ng mayabong na halamanan ng isang kanlungan na kanyang ikalalaya sa mġa pangitain namumuntot sa kanya.

LA PAZ Y BUEN VIAJE

SOCIEDAD EN COMANDITA

Acciones al alcance de todas las fortunas desde UN PESO cada accion.

Bajo la Gerencia y Administracion de Teodoro Sandiko.

Fabricación de Tabacos y Cigarrillos de menas y marcas exquisitas y á precios módicos.
Oficina Central: Asuncion 429 Manila. Tel. 8041.

PASANGLAAN

NI

FAUSTO O. RAYMUNDO.

Daang Ilaya blg. 641-645 pagliko sa Aceiteros, San Nicolás, Maynila.

MATAAS humalagá sa isinasanlá, MABABA ang patubo. MADALING pagsanlaan at gayon din kung tubusan.

Nagbibili ng mġa hiyas na BRILLANTE, PERLAS, GINTO at PILAK sa halagang lalong mura.

👑 PACO STUDIO 👑

1430 HERRAN

May manunuklay na walang
BAYAD.

Siya sa sarili ay nagsasanay na magwaksi ng kanyang mga dinaramdam.

Nguni't sa kabilá ng pagkuló ng kanyang dugó, ang nangangamoy na bangó ng mga bu-laklak ng mga pund ng suhá, na nakalilitó ng isip ng lalong pantas, ay pumukaw ng kanyang pag-iisip. Sa pagkasanghap nitong nakalalangóng bangó ay para bagang lumiligid sa kanya ang sarisaring kasayahan.

Bagama't noo'y Abril pa lamang, ang hangin ay may kainitan na para bagá ng tag-init sa mga lalawigan ng hilaga.

Sa silong ng magandang langit ay nagki-kislapan ang libolibong bituin na para bagang mga kahalihalinang panoorin.

Ang gabí ay hindi lubhang aliwalas, at noo'y may nangagpuputian at nangagkikinangang alapaap na nangagdadaang parang maliliksing anino; yao'y mapagkakamalian na isang samahan ng mga *duendeng* di mahipò at lalang ng ibang sangdaigdig, na nagsisiparito upang mangulo sa pagkapukaw ng katalagahan, ng masayang pamumulaklak ng tag araw.

Walang ingay na nangahas pumukaw ng katahimi-kan sa guniguining ito; nguni't ang pagaspas ng mga dahon ay nahahalintutad sa isang mahiwagang ting'g na lihim ng paghahalikan, at kaypala'y dito man sa di kawasang pananaganá ng sang-katalagahan sa oras ng pagkapukaw, ang makapangyariha't di nakikitang kamáy na sumuspot hanggang sa kanyang kalooblooban ay lumilikhá nitong bahagya at di madamang hinugong, nitong katwá at tugmatugnang taginting na di napupunang madalas ng pakinig ng taynga, nguni't namumukaw ng kalooban sa mga oras ng pagpapahinga at pagdidilidili nito.

Sa panghihiná niya—sa pagod, at sa pang-lulupaypay sa laging pagbabalisá, dahil dito sa pag-iinit na nakababaklá ng kálulwa at katawan, ay napasandal si Pedro Arbues sa isa sa mga bangkó niyaong kahalihalinang ilang.

Doo'y nangumbabá at nápatuló ang luhá

Carlos F. Malfort

FOTOGROFO

SAN FERNANDO 940, BINONDO, MANILA.

Sinomang ibig paretrato ay maaaring tawagin siya sa sariling bahay ó kaya'y pagsadyain naman siya sa kanila.

Paunawa

Sino mang ibig sumuskribí rito sa "Patnubay ng Bayan" ay sumulat kay S. G. Calderón, 758 R. Regente, Binondo, Manila. ₱1.00 isang taón sa Maynila. ₱1.20 sa lalawigan.

Ang sa bawá't taóng nagdaan ay ₱2.00.

sa galit at poot ng mababagsik niyang mga mata na ang pananalas ng tingin ay nakapaningilabot sa sangbayanan.

Natigilan ng di kawasá; may ilang sangdaling nanatiling gayon na di nagsasalitá, ng di man lamang inihahayag ng mga himutok ng kanyang kalooban ang hirap na pumipig-hati sa kanya.

Sa pagkakatigil na parang isang batang matatakutin, ay nápahimbing ang tigreng inkisidor sa isa riyan sa mga pagkakatulog na nakasisindak.

Itutuloy.

Pakikilugod

Ang kaibigan naming si G. Feliciano Bautista sa bayan ng Santa Ana ay doktor na ngayon sa pauggagamot at gayong kapagdodoktor pa lamang ay nababalitaan namin na ang lahat ng gamutin niya ay napagagaling: kaya't binabati namin siya ng boong lugod at parit ng bayan ng Santa Ana sa pagkakaroon ng ganitong mapalad na doktor.

Si Sixto Magpantay

Ang aming kaibigan at kasamang manunulat na si G. Sixto Magpantay ay sumakabilang buhay nitong bwang nagdaan. Ito ngang "Patnubay ng Bayan" ay nakikidamay sa kadalam-hatiang tinataglay ngayon ng kanyang asawa, magulang at kamag-anakan at tuloy idinadalan ngin namin na tanggapin nawa siyang malwalhati ng Maykapal.

Maligayang Bati

Noong iká 12 ng bwang tinalikdan ay nagisang palad ang mga kaibigan naming si Dr. Feliciano Bautista at ang bunyong maestra sa Páco Intermediate School, na si Ginang María Rodil.

Pinasasapitan ngá namin sila ng maligayang bati.

Ibig ba ninyong magkaroon ng mga mainam na kasuutan ayon sa bagong panahon? Kung gayon, magsadya kayo sa patahian ni

ISAIAS ALVARAN.

606 Azcarraga, Tondo.

MANILA.

MGA AKLAT NA KAILANGAN

MUNTING DICCIONARIO
INGLES-TAGALOG

AKDA NI

SOFRONIO G. CALDERON

— P- 1.20 —

POCKET DICTIONARY
INGLES - ESPAÑOL - TAGALOG

AKDA NI

SOFRONIO G. CALDERON

— P- 1.20 —

DICCIONARIO

• INGLES-ESPAÑOL-TAGALOG

Con partes de la oración y pronunciación figurada.

Akda ni SOFRONIO G. CALDERON

-P- 4.50 y P- 6.50

Ipinagbibili sa lahat ng Lihreria at sa Libreria ni Sofronio G. Calderon.
758 Reina Regente, Binondo, Manila.

Taller de Encuadernación

NI

Sofronio G. Calderón

758 Reina Regente, Binondo.


WMS

Murang tumanggap at mabuting yumari.

Gumagawa ng mga pads na gamit sa
mga páaralan at sa mga opisina.

RELOJES DE MESA

DE LAS MARGAS MAS ACREDITADAS
DEL MUNDO



"BIG BEN"


Universalmente esta reconocido
como el mejor Reloj-Despertador.
Si se quiere es de repetición
Precio: -P- 6.50



Artísticos Relojes de metal do-
rado para mesa.

Desde P4.00 á P25.00

EMPLEAREIS
BIEN VUESTRO
DINERO COM-
PRANDO UNO
DE ESTOS RE-
LOJES, CUYA
EXACTITUD OS
LA GARANTI-
ZAMOS.




"NEW HAVEN"

Es la marca de estos hermosos Re-
lojes de Mesa.

La cuerda es de 8 días y dan las
horas y media horas.

Precio: P 12.



"BUENOS DIAS"

Es un Reloj-Despertador de precio muy
económico y de un resultado muy
positivo -P- 2.75

H. E. Heacock Co.

Escolta 121-123